

POETRY

Linalansag ng Jazz ang Daloy ng Alaala

Luna Sicat Cleto
University of the Philippines Diliman
lscleo@up.edu.ph

Linalansag ang daloy ng alaala
Parang pagtitipa ng half note.
Linalansag at nalalaglag ang himig
sa pagitan, tulad ng pagsisikap
'kong maalala ka, at maalalang
kaya kitang alalahanin.

Sumisigid ang amoy ng bawang at keso.
Sumasabay sa alimuom, dahil kauulan.
Nguso ng rubber shoes na nilulumot.
Pantalong kakulay ng kapeng hindi ko na ininom.
Harayang sinelda ng hamog
sa bintanang ilang ulit na ring
kinaskas, katapat ng mesang kasya sa iisang
nagmamadaling laman.

Sinkopadong umiigkas ang mga leeg
Sa tawag ng numero't ngalan.
Ako, nanginginig
Ikaw, may bagal ng hiningang
Parang lawiswis ng kawayang dating tao,
Sinumpang humalakhak ngunit naririnig lamang
Ang langitngit.
Naglalawa ang mga tunog
Ng mga dilang sabay-sabay na nagsasalita

Tulad marahil ng palahaw ng mga nasa laot,
Sa mga gabing kinumutan ng dilim.

“Would you like some of that?”

Ingles na naging lambat sa dalawang
Nakauunawa, banayad na pagtango,
Takot na sinupil ang salita’t baka maunahan
ng kalam ng sikmura ang paggalang.

Tumatalas raw ang tainga
Kapag natatapilok ang pagbasa
Ng mga senyal. Natututo ang mga matang
Tukuyin ang anyaya at pagtaboy,
Ang mga maliliit na kibot ng kilay,
Palag ng masel sa gilid ng ilong,
ismid na nagkukubli
Sa ngiti. Yakap na iisa ang kumakapit.

Nasaan ka na kaya?
Saan napadpad ang iyong mga yabag?
Tangan mo na rin kaya ang susi
Para makaalis sa pagkasukob sa lugar
Na iyon?
Kinukumusta kita
Sa mga ibong nagliliparan
Silang nagsusumiksik sa mga inaalikabok na kornisa.
Nakatitiyak na may mga
Hindi makasasabay.

II.

Kinakalmot ng yabag ng mga dayo ang kalsada.
Nagdaan rin sa parehas na landas ang mga kabayo,
Pulubi, puta, patapon ng mga barko.

Italya ito pero may singaw ng Calcutta
Gulanit ng Afghanistan at alingasaw ng Syria. Labi
ng mga bungong umasa ng bagong buhay, at simula.
Babel ng mga sanggol, sabaw ng mga sakit
Souq at suki ng laman. Shawarma at karma.
Berlusconi macaroni.

Nakikilala ang mga lungsod
sa pag-igkas ng mga katawan sa kanilang mga umaga
At doon, walang pangigingiming nagsasabit ng karatula:
Ho fame.

Isa ang guhit ng pagkumpas ng mga kamay
Na inimortal ng mga litrato, lithograph, alaala.

Kasabay ka, nahahawi, tulad ng dagat, ang tao.
Ang tao, tulad ng dagat ay hinahawi.
Hinahamig ng mga magkakatulad na gawi ng
Pagtanggap sa pagpag: yumukod, titigan ang kalsada
Hanggang sa dulo. Na parang alam kung saan talaga
Patungo.

III.

Siglo-siglo ang nakaraan
Ganyan din nila binati ang mga bagong hangong alipin
Ipinain sa mga digma. Ipinain sa mga lawin.
Aliwan ng sagupa't laslas lalamunan,
Bumaon ang pilat sa alaala.
Manhid na sa paghagod, at inaasahan, lagi,
Ang mga pangangapakap.
Lagi, ang duro'y nakatutok.
Sa iyo. Sa akin. Sa atin.
Nang-umit, nanghalay, nanaksak, nagpasabog.

Hanggang ngayon, siglo-siglo na.
Siklikal pa rin na winawarat ng init ang himaymay.

Nakaligtas tayo sa mga pagtawid sa laot.
Nagawa nating tumira sa mga gusaling anino
Ng kanilang mga apartamento
Nakuntento sa sangdipang layang dikta
Ng pasaporteng lumulupaypay
O identidad na pinaghihinalaan.

Ang sabi ng mga kalapati noon:
Kurukuk, kurukuk,
Walang aawit, o mag-aalok
Ng ngiti. Kalimutan ang kurukuk
Ang kurukuk.

Ang winika ng mga pader:
Humawak, kumapit
Masanay sa balasik. Pagmasdan ang barbaridad
Dahil nangarap. Dahil sa pangarap.

Pagmasdan ang mukha ni Laocoon
Ang kilay daw niya'y hindi posible
Tulad rin ng nota, ng nalansag na himig
Ng agunyas

Namitig ang ating mga paa sa ka-iikot noon.
Linibot ang laberinto na para bang lahat
Ay museo, mausaleo. Kahit nakatitiyak
Na ang mga usang sinasagpang
Ng mga hayok na aso'y matatagpuan din natin mismo
Sa ating bayan, sa ating mga kababayan,

Sa ating sarili.

IV.

Siguro, kapag naging lubos na
Ang pagsalakay ng anay ng katandaan
Maiisipan kong balikan ang eksaktong
Lugar na iyon, kung saan nilansag ng gutom
Ang ating pagkakaiba,
At tayo'y naging magkakilala.

Hindi kailangang ikaw na nga iyon.

Makikinig tayo ulit sa mga ibon.
Tatanga sa tapat ng mga pader.
Tititigan ang mga pangang nakanganga.
At baka sakaling, umulan ang mga talulot.

Baka sakaling, nalansag na rin ang himig.

BIONOTE

Luna Sicat Cleto is a writer and teacher of *Malikhaing Pagsulat* (Creative Writing in Filipino). She is also an editor and member of the Literary Arts Sub-Commission of NCCA. In 2017, she co-edited *Sapantaha: Mga Kuwentong Imahinatibo at Spekulatibo* (UP Press) and *Pag-ahon sa Hirap: Mga Kuwento ng mga Nanay* (Eight Books Press).

This year, the fiction anthology *Lapat: Mga Kontemporaneong Kuwento* is off the press. She co-edited this bilingual collection of the finest contemporary fiction from Filipino authors imbued with folklore elements with Francis Paolo Quina and Romulo P. Baquiran Jr. *Lapat* is a joint publication project of Komisyon ng Wikang Filipino and NCCA.